

## **Tahanang Koreksiyonal/Residensiyal**

### **Tahanan ng mga Bata at Tinedyer ng Tuen Mun**

- **Paglalarawan ng Serbisyo**

Nagbibigay ang Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan (Social Welfare Department, SWD) ng serbisyo ng pagsasanay sa residensiyal para sa mga bata/teenager at batang nagkasala na hindi maayos ang pakikiangkop sa pamamagitan ng pakikialam ng panlipunang paggawa para ipatupad ang mga ipinag-utos ng korte. Para makamit ang synergy sa serbisyo at payagan ang sama-samang paggamit ng mga pasilidad, inilipat ng SWD noong 2007 ang anim na tahananang koreksiyonal at residensiyal sa isang multi-purpose residential complex, na pinangalanang Tahanan ng mga Bata at Teenager ng Tuen Mun (Tuen Mun Children and Juvenile Home, TMCJH), na nagsisilbing lugar kanlungan, pansamantalang bilangguan, isang aprubadong institusyon (tahanan para sa probation) at isang paaralan para sa repormasyon.

- **Target na Grupo**

Ang TMCJH ay isang naka-gazette na tahananang nagbibigay ng pansamantalang pangangalaga at residensiyal na pagsaanay sa mga bata/teenager at batang nagkasala alinsunod sa mga kahilingan sa batas ng –

- isang lugar kanlungan sa ilalim ng Ordinansa para sa Proteksiyon ng mga Bata at Teenager (Kabanata 213), Ordinansa sa Imigrasyon (Kabanata 115) at ang Ordinansa sa Pagdukot at Pangangalaga ng Bata (Kabanata 512)
- isang pansamantalang bilangguan sa ilalim ng Ordinansa sa mga Teenager na Nagkasala (Kabanata 226)
- isang aprubadong institusyon (tahanan para sa probation) sa ilalim ng Ordinansa sa Probation ng mga Nagkasala (Kabanata 298)
- isang paaralan para sa repormasyon sa ilalim ng Ordinansa sa mga Paaralan para sa Repormasyon (Kabanata 225)

- **Kapasidad**

388

- **Nilalaman ng Serbisyo**

I) Edukasyon at bokasyonal na pagsasanay

Ibinibigay ang pag-aaral ng mga akademiko at generic na asignatura at iba't ibang kurso sa pagsasanay ng mga kasanayan sa mga residente upang tugunan ang kanilang iba't ibang antas na akademiko at pangangailangan sa pagkatuto at nang may pagsasaalang-alang sa haba ng kanilang pananatili para bigyan sila ng pagkakataong patuloy na makapag-aral o mapahusay ang kanilang mga bokasyonal na kinahihiligan at kakayahan na makahanap ng trabaho na may kinikilalang kuwalipikasyon pagkaaalis sa tahanan.

II) Mga serbisyo sa indibidwal na pagpapayo at panggrupong trabaho

Tinutulungan ang mga indibidwal na residente para pangasiwaan ang personal, interpersonal at pampamilyang usapin sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng sariling pag-unawa, panlipunang

kasanayan, pangangasiwa ng emosyon at positibong pag-iisip sa pamamagitan ng pagpapayo sa kaso at panggrupong trabaho. Tinitingnan ng mga social worker ng tahanan ang pag-unlad at mga pangangailangan ng bawat residente, at nakikipag-ugnayan sa mga magulang/tagapagalaga at social worker/opisyal sa probation ng mga residente para ayusin at ipatupad ang mga plano sa kapakanan/rehabilitasyon. Layunin nitong bigyan ng inspirasyon ang mga residente na malampasan ang mga paghihirap at para makabuo ng pagtitiwala sa sarili at disiplina bilang paghahanda sa muling integrasyon sa komunidad.

### III) Koneksiyon sa komunidad

Isinasaayos ng tahanan na mangasiwa ang iba't ibang organisasyon sa komunidad ng mga aktibidad na panggrupo at pansuporta sa mga residente para magtaguyod ng makabuluhang ugnayan sa komunidad. Inorganisa ang mga proyekto ng serbisyo sa komunidad para tumulong bumuo ng diwa ng responsibilidad at para payagan ang komunidad na magkaroon ng mas mabuting pang-unawa sa kanila. Hinihikayat ang mga residente na lumahok sa mga aktibidad sa komunidad at boluntaryong serbisyo para linangin ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, pamumuno at sariling pagpapahalaga, na siyang makatutulong sa kanilang muling integrasyon sa komunidad.

### IV) Mga aktibidad sa libangan

Inorganisa ang iba't ibang aktibidad sa sining, musika, isports at libangan para sa mga residente upang maaari silang bumuo ng magagandang libangan, pahasayin ang mga personal na kakayahan at magpayabong ng mga potensiyal.

### V) Pagbisita ng tagapagalaga / Pamilya Trabaho / Pagliban

Malugod na tinatanggap at hinihikayat ang mga magulang o tagapagalaga na bisitahin ang kanilang mga anak sa tahanan. Isinasagawa ang pagpapayo sa kaso at aktibidad sa pagitan ng magulang at anak upang tulungan ang mga residente na muling magtatag ng positibong komunikasyon at pahasayin ang relasyon sa kanilang mga magulang. Para sa mga residente ng tahanan para sa probation at paaralan para sa repormasyon, maaaring ipagkaloob ang pagliban sa mga residente na nagpakita ng mahusay na pagganap ng tungkulin pagkatapos ng isang yugto ng pagsasanay na residensiyal upang padaliin ang kanilang pagkuha ng epektibong suporta sa pamilya pagkaalis sa tahanan.

### VI) Medikal na Pangangalaga

Nagbibigay ang tahanan ng 24 na oras ng serbisyo sa pag-aalaga sa mga residente sa pamamagitan ng mga nars ng tahanan. Nagbibigay rin ng mga pakikipagusap tungkol sa kalusugan, gabay at pagpapayo tungkol sa personal na kalinisan. Nagbibigay ang mga bumibisitang medikal na opisyal ng mga pangkalahatang medikal na serbisyo. Para sa mga residente na may mga espesyal na pisikal, mental o sikolohikal na pangangailangan, isasangguni sila sa mga espesyalistang doktor at/o klinikal na psychologist para sa pagsusuri, pagpapayo at paggagamot.

## VII) Probisyon sa Pagkain

Sumusunod ang pang-araw-araw na diyeta ng mga residente sa payo sa diyeta na ibinibigay ng rehistradong dietician ng kontratista ng serbisyo sa catering.

- **Mga Singilin at Bayarin**

Libre ang lahat ng serbisyo.

- **Tirahan at Numero sa Pakikipag-ugnayan**

Tirahan: 3 San Shek Wan North Road, Tuen Mun, New Territories

Num. ng Tel.: 24607102

Num. ng Fax: 24607812